# COVID-19 at Paglalakbay

Para sa pinakabagong mga rekomendasyon sa paglalakbay para sa mga di-mahahalagang layunin, tingnan ang:

- Pamahalaan ng British Columbia: Paglalakbay at COVID-19
- Pamahalaan ng Canada: COVID-19: Paglalakbay, pagsusuri at mga hangganan

## Paglalakbay sa loob ng BC

Kapag naglalakbay, sundin ang parehong mga pag-iingat na ginagamit mo sa bahay upang maiwasan ang COVID-19. Magplano nang maaga sa pamamagitan ng pagsusuri kung ang mga bayan, mga komunidad at mga rehiyon ay handang malugod na tanggapin ka. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang, Pamahalaan ng British Columbia: Paglalakbay at COVID-19.

## Paglalakbay sa pagitan ng mga lalawigan

Ang mga British Columbian na naglalakbay sa ibang mga lalawigan o mga teritoryo ay dapat suriin ang impormasyon ng pampublikong kalusugan ng kanilang destinasyon para sa anumang mga paghihigpit sa paglalakbay. Sundin ang panlokal, panlalawigan o panteritoryal na patnubay.

Para sa impormasyon mula sa ibang mga panlalawigan at panteritoryong pamahalaan, tingnan ang:

- Alberta: Mga kinakailangan sa paglalakbay para sa COVID-19
- Manitoba: Sistema ng Pagtugon sa Pandemya
- New Brunswick: Impormasyon sa Paglalakbay
- Newfoundland at Labrador: Mga Paghihigpit sa Paglalakbay
- Mga Teritoryo sa Hilagang Kanluran (Northwest Territories): Paglalakbay at Paghihiwalay
- Nova Scotia: Coronavirus (COVID-19): internasyonal na paglalakbay
- Nunavut: Checklist sa Paglalakbay
- Ontario: Paglalakbay sa panahon ng COVID-19
- Prince Edward Island: Paglalakbay
- Quebec: Mga tagubilin sa paglalakbay sa loob ng Canada o internasyonal (COVID-19)
- Saskatchewan: Impormasyon sa Paglalakbay
- Yukon: Mga hangganan at paglalakbay: COVID-19

## Internasyonal na Paglalakbay

Para sa payo at mga pagpapayo sa internasyonal na paglalakbay, tingnan ang Pamahalaan ng Canada: Paglalakbay sa labas ng Canada

**Pagsusuri bago ang internasyonal na paglalakbay**

Sundin ang mga kinakailangan sa pagpasok ng bansang iyong pupuntahan. Suriin upang malaman kung maaari kang makapasok sa bansa at kung mayroong anumang pagbabakuna, pagsusuri, kwarentenas, o iba pang mga kinakailangan. Ang regular na pagsusuri ng mga tao na walang mga sintomas ay hindi isinasagawa sa B.C., kabilang ang mga layunin para sa paglalakbay. Para sa impormasyon sa pagsusuri para sa paglalakbay, tingnan ang Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng BC (BC Centre for Disease Control): Saan kukuha ng isang pagsusuri sa COVID-19 sa BC

**Pagpasok sa Canada**

Simula sa Oktubre 1, 2022, ang lahat ng mga kinakailangan sa hangganan ng COVID-19 para sa mga manlalakbay na papasok sa Canada sa pamamagitan ng lupa, hangin o dagat ay magtatapos. Ang mga kinakailangan na magtatapos ay kinabibilangan ng:

- Mandatoryong paggamit ng ArriveCAN
- Mga kinakailangan sa pagsusuri
- Mga kinakailangan sa kwarentenas o paghihiwalay

Ang mga kinakailangan ay madalas na nagbabago. Magsiyasat bago ka maglakbay. Bisitahin ang Pamahalaan ng Canada: COVID-19: Paglalakbay, pagsusuri at mga hangganan para sa pinakabagong impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabalik sa Canada pagkatapos ng paglalakbay, tingnan ang:

- Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng BC (BC Centre for Disease Control): Paglalakbay
- Pamahalaan ng British Columbia: Paglalakbay at COVID-19
- Pamahalaan ng Canada: COVID-19: Paglalakbay, pagsusuri at mga hangganan

Maghanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19 at kung paano protektahan ang iyong sarili, iyong pamilya at iyong komunidad, tingnan ang Sakit na Coronavirus (COVID-19).

**Huling pinabago:** Setyembre 27, 2022

Ang impormasyon na ibinigay sa Paglalakbay at Tampok sa Kalusugan ng COVID-19 ay kinuha mula sa Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng BC (BC Centre for Disease Control: Paglalakbay, Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng BC (BC Centre for Disease Control): Mga Pagkalantad ng Publiko, Pamahalaan ng British Columbia: Paglalakbay at COVID-19 at Pamahalaan ng Canada: COVID-19: Paglalakbay, pagsusuri at mga hangganan